9

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 21

Aralin 4: Nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

**Filipino – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 21 Aralin 4: Mga Pang-ugnay**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o **brand name**, tatak o **trademark**, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0

**Bumuo sa Pagsusuat ng Modyul**

**Tagasulat:** Anjel D. Tariao

**Tagasuri:** Anna Zhusette Z. Pintor

**Tagaguhit:** Anjel D. Tariao

**Tagapag-ugnay:** Dr. Necifora M. Rosales

**Tagapamahala:** Dr. Marilyn S. Andales, SDS, Cebu Province
Dr. Leah B. Apao, ASDS, Cebu Province
Dr. Mary Ann P. Flores, Chief CID
Mr. Isaiash T. Wagas, EPSVR, LRMDS
Mrs. Arceli A. Cabahug, EPSVR, Filipino

**Department of Education – Region VII- Cebu Province**
**Office Address:** IPHO Bldg, Sudlon Lahug Cebu
**Telefax:** (032) 255-640
**E-mail Address:** cebu.province@deped.gov.ph



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

# 9

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 21

Aralin 4: Nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# Paunang Salita

**Para sa tagapagdaloy:**

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Filipino 9** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Mga Pang-ugnay

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto.

Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Filipino 9 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Mga Pang-ugnay..

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

**Para sa Guro**

Mahalagang magamit ng mga bata ang magalang na pananalita sa pang-araw-araw na buhay lalo na sa pagbati, paghingi, at pagtatanong ng lokasyon ng lugar. Maaaring ito'y kanilang simulant sa tahanan, paaralan at sa mga kaibigan. Responsibilidad nating mga guro na ituro sa ating mga mag-aaral ang mga ito.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# ALAMIN

## Panimula

Ang tulay ay isang estruktura na itinayo sa pagitan ng bangin, kalsada, ilog at iba pa upang matawiran ang mga iyon. Malaking papel ang ginagampanan ng tulay upang tayo ay mabuhay. Kung ipagpalagay natin, kapag walang tulay, ano kaya ang mangyari sa ating ekonomiya? Mapapanatili kaya natin ang pang-unlad ng ating ekonomiya kung wala ang tulay na ito? Hindi maikakaila ang kahalagahan ng tulay sa buhay ng mga tao. Ito ang nag-uugnay sa magkakahiwalay na mga lugar. Ito ang nagbibigay-daan sa mas mabilis at mas madaling transportasyon. Ito ang nagbibigay sigla sa palitan ng produkto at serbisyo.

Tayo rin ay katulad ng isang tulay. Tayo ay bahagi ng buhay ng mga taong nasa ating paligid, may kakayahang mag-uugnay ng magkakahiwalay na damdamin at makapagsisikap upang magbigay ng mabuting serbisyo sa kapwa. Tulad ng tulay, tayo ay nagsisilbing instrumento upang ipaabot o paglapitin ang damdamin ng dalawang tao.Kung iugnay natin sa balarilang Filipino hindi rin uunlad at mauunawan ang pakikipagkomunikasyon kung hindi ginagamitan ng mga pang-ugnay. Mahalaga ang pang-ugnay sa pakikipagkomunikasyon sapagkat napapalawak nito ang kakayahang komunikatibo sa pamamagitan ng pagdaragdag at pag-iisa ng mga impormasyon at pagpapahayag ng kaugnayang lohikal. Ginagamit ang pang-ugnay upang ilahad ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari at ilahad ang sanhi at bunga, paraan at layunin, paraan at resulta, maging sa pagpapahayag ng kondisyon at kinalabasan.

Hindi lingid sa ating kaalaman, na napakahalaga ng mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw. Kung tutuusin ang mga pang-ugnay, ang isa sa mga paraan nating mga tao kung paano tayo nabubuhay. Madalas nating ginagamit ang mga pang-ugnay upang mabuo ang pahayag at mauunawaan ito ng lahat.

Kaya masasabi natin na ang pang-ugnay ang nagsisilbing tulay sa larangan ng wika. Araw-araw sa pakikipagtalastasan ng tao ginagamit ang mga pang-ugnay upang malinaw na maipahayag ng tao ang nais sabihin ng kanyang kaisipan. Sa pakikipagtalastasan kung mayroong isang puwang na salita, maaaring maghahantong ito sa di pagkakaunawaan at kalituhan. Ganito ang papel na

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

ginagampanan ng pang-ugnay sa pag usbong ng ating wika. Ito ang nagsisilbi upang magkaroon tayo ng makabuluhan at maunlad na balarilang Filipino.

Sa panahon ngayon, nahaharap ang ating bansa sa isang pandemya at dito natin nasusubok ang ating katatagan sa pakikipag-ugnayan. Sinusubok ang pagiging mabisa ng tao sa pakikipagkomunikasyon at pananalig sa poong maykapal. Dahil dito makikita natin ang kahalagahan ng mga pang-ugnay sa pamamagitan ng paggamit nito sa pagpapahayag ng sariling pananaw o ideya.

Sa modyul na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natutukoy ang mga pang-ugnay na ginagamit sa pangungusap;
2. nagagamit ang mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw; at
3. nabibigyang-halaga ang paggamit ng mga pang-ugnay sa pagpapahayag ng sariling pananaw.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# SUBUKIN

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pahayag. Piliin ang tamang salita upang maging kompleto ang pahayag. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Matigas ang ulo ng mga tao _______ dumami ang positibo sa C*ovid-19*.

   a. upang b. kaya c. kasi d. dahil

2. Mananatili ako sa bahay ________ hindi mahawaan ng *virus*.

   a. samantalang b. dahil c. para d. kasi

3. Huwag mong gawin ang mali ________ walang maibubungang maganda sa iyo.

   a. sapagkat b. kung c. ngunit d. kaya

4. Hindi niya makuha ang tamang impormasyon _____________ nanood siya sa telebisyon.

   a. kahit b. pero c. bagama't d. ngunit

5. Hindi lumabas ng bahay si Mario _________ ayaw niyang mahawaan ng sakit.

   a. dahil b. habang c. kung d. kasi

6. Maraming mga tao ang walang trabaho ________ sa pandemya na nararanasan natin ngayon.

   a. kasi b. palibhasa c. tulad d. dahil

7. Sa panahon ng pandemya, tumataas ang presyo ng mga *face mask* __________ alkohol.

   a. at b. subalit c. o d. sapagkat

8. _________ nahawaan ka ng Covid-19 walang sinuman sa pamilya mo ang makakalapit sa'yo.

   a. Kung b. Nang c. Kapag d. Ng

9. _________ Mayor, mas mabuting hintayin nating lumipas ang krisis bago tayo mamamasyal.

   a. Ayon kay b. Para kay c. Ukol kay d. Hinggil kay

10. Ang mga opisyal _______ barangay ay nagtutulungang isagawa ang *checkpoint* bawat *boundary.*

    a. sa b. ng c. at d. nang

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

# BALIKAN

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat bilang. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Nagmula sa dalawang salita, ang sanay at pagsasalaysay. Ito ay isang piraso ng sulatin na kadalasang naglalaman ng punto de vista (pananaw) ng may katha pagpuna, opinyon, impormasyon, obserbasyon, kuru-kuro, pang-araw-araw na pangyayari, ala-ala ng nakaraan at pagmumuni-muni ng isang tao.
   a. Talumpati
   b. Sanaysay
   c. Talambuhay
   d. Maikling Kuwento
2. Ito ay isang uri ng Sanaysay na tumatalakay sa mga seryosong paksa at nangangailangan ng masusing pag-aaral at malalim na pagkaunawa sa paksa naglalaman ng mahahalagang kaisipan at nasa isang mabisang ayos ng pagkakasunud-sunod upang lubos na maunawaan ng bumabasa ang mga salita'y umaakma sa piniling isyu at kadalasang may mga terminong ginagamit na kaugnay ng tungkol sa asignaturang ginawan ng pananaliksik
   a. Pormal
   b. Di- pormal
3. Ang pinakamahalagang bahagi ng isang sanaysay sapagkat ito ang unang titingnan ng mga mambabasa at dapat nakapupukaw ng atensyon.
   a. Simula
   b. Gitna
   c. Wakas
   d. Lahat ng Nabanggit
4. Bahagi ng sanaysay na nagsasara sa talakayang naganap sa katawan ng sanaysay.
   a. Simula
   b. Gitna
   c. Wakas
   d. Lahat ng Nabanggit
5. Elemento ng sanaysay na ang nilalaman ng isang sanaysay ay itinuturing na paksa dahil sa layunin sa pagkakasulat nito at kaisipang ibinahagi.
   a. Tema at Nilalaman
   b. Anyo at Istruktura
   c. Kaisipan
   d. Damdamin

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

6. Masining na paglalahad ng makatotohanang kaisipan o paniniwala tungkol sa isang paksa ang sanaysay.

   a. Tama    b. Mali

7. Sa sanaysay na pinamagatang "Kay Estella Zeehandelaar". **Nakita kong muli ang mundo sa labas nang ako'y maglabing-anim na taon**. Tukuyin kung aling salita ang nagpapakita ng relasyon ng dalawang salita, parirala, o sugnay.

   a. nakita    c. nang
   b. muli    d. ako'y

8. *Nasindak* ang mundo naging usap-usapan ang krimeng iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Ano ang ibig sabihin ng salitang nakaitalic?

   a. nagbago    c. naligtas
   b. natakot    d. nalungkot

9. Balang araw, maaaring lumuwag ang tali at kami'y makalaya sa pagkakaalipin. Ano ang pang-ugnay na ginagamit sa pahayag?

   a. balang    c. at
   b. sa    d. maaaring

10. Paano nga ba hindi magkakaganoon ___________ ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas. Ano ang tamang salita o pang-ugnay ang gagamitan para mabuo ang isang pangungusap?

   a. sapagkat    c. kasi
   b. kapag    d. kung

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

# TUKLASIN

## Magbasa Tayo!

I. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang *spoken poetry* na pinamagatang "Coronavirus".

**CORONAVIRUS**

(Spoken Poetry)

ni Freah Simsim

Usap-usapan sa China ang pinagmulan
Pero hindi matukoy kung paano nagsimula at kailan
Virus na kinakatakutan, walang ligtas kapag ikaw ay mahawaan
Virus na nakakamatay nata-transmit sa mga bagay
Ugaliing maghugas ng kamay dahil diyan nakasalalay ang iyong buhay
Ang pagkalat ay walang makakahadlang, kalat na sa sanlibutan
Mga kaso nito ay patuloy na nagtataasan death rate ay nadadagdagan
Dahil sa virus na ito lahat ay naapektuhan
Mga byahe ay nabanned, mga public activities ay iniiwasan
Para masiguro ang kaligtasan
Frontliners ay ating isipin buhay nila ay ibinubuwis para sa atin
Takot man sila na baka mahawa pero kapakanan natin ang kanilang inuuna
Ang pagkalat ay hindi mapipigilan hanggang ngayon hindi pa rin masolusyonan
Ang magagawa lang natin ay ating iwasan
Proper hygiene ay gawin, immune system ay palakasin
Payo ng DOH ay sundin, huwag tayong magpanic at manatiling kalma
Huwag lang sa pamahalaan iasa
Malalampasan ito kung lahat tayo ay makiisa
Pananampalataya lamang ang ating makakapitan
Sabay-sabay nating ipanalangin Coronavirus ay sugpuin
Lahat ng ito ay kakayanin
Lagi lamang isipin ang diyos ay nasa tabi natin.


1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

## Itala Mo!

II. Panuto: Balikan ang binasang *spoken poetry*, Itala sa loob ng *face shield* ang mga salitang nag-uugnay sa mga salita o pangungusap sa nabasang teksto. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.




1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# SURIIN

## Talakayin Natin!

**Ano ang pang-ugnay?**

-ang tawag sa mga salitang nagpapakita ng relasyon ng dalawang salita, parirala, o sugnay.

-mga pampadulas dila

**MGA URI NG PANG-UGNAY**

1. Pangatnig
2. Pang-angkop
3. Pang-ukol

**Pangatnig**- ito ang tawag sa mga kataga o salitang nag-uugnay ng dalawang salita, parirala, o sugnay na pinagsusunod-sunod sa pangungusap.

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Paninsay**- ito ay nag-uugnay ng magkatimbang na salita, parirala o sugnay | | | |
| at,o | pati | saka | ni |
| datapuwa | maging | ngunit | subalit |
| **Pantulong**- ito ay nag-uugnay ng di-magkatimbang na salita, parirala o sugnay | | | |
| kung | nang | kapag | upang |
| dahil sa | sapagkat | kaya | para |

**Halimbawa**

Ang magkapatid na Clara **at** Clyde ay kapwa maganda.

Mahalaga ka sa kanya **kaya** ayaw ka niyang mawala.

**Pang-angkop**- ito ang mga salitang nag-uugnay sa panuring at salitang tinuturingan.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

| na | -g | -ng |
|---|---|---|
| Ito ay iniaangkop sa mga salitang nagtatapos sa katinig. | Ito ay ikinakabit sa mga salitang nagtatapos sa titik n sa magkasunod na salitang naglalarawan at inilalarawan | Ito ay ginagamit kapag ang kaangkupan ay nagtatapos sa patinig |

**Halimbawa**

Siya ay may kapatid **na** babae

Si Vincent ay mabuti**ng** anak.

Maalinsangan**g** lugar ang tinirhan nila ngayon

**Pang-ukol**- ito ang tawag sa salita o katagang nag-uugnay sa isang pangngalan sa iba pang salita sa pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| ng | ni/nina | kay/kina |
| laban sa/kay | ayon sa/kay | ukol sa/kay |
| tungkol | hinggil sa/kay | alinsunod sa/kay |

**Halimbawa**

Ayokong pag-usapan ang **tungkol sa** pag-ibig.

May paparating na bagyo **ayon sa** PAGASA.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

## Sanayin Natin!

**I.** Panuto: Kilalanin kung anong pang-angkop ang tamang gagamitin sa bawat pahayag. Isulat sa patlang ang tamang pang-angkop (-ng, -g, na) sa inyong sagutang papel.

1. Mahilig magbasa ng mga kuwento _____ bayan ang magkapatid.
2. Kailangan ko ng matibay ______ pananalig sa Diyos.
3. Laki _____ gulat ng bata nang marinig niya ang tunog ng ambulansya.
4. Binigyan ng kalahati ______ sako ng bigas ang bawat pamilya.
5. Anu-ano ang mga kailangan ______ gawin upang makahawa tayo sa virus?

**II.** Panuto: Tukuyin ang pangatnig na ginagamit sa bawat pahayag. Salungguhitan ang tamang pangatnig sa loob ng panaklong. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Mataas ang lagnat ni Eunice (ngunit, kaya, sapagkat) tinawagan ni Bb. Iona ang kanyang mga magulang.
2. Dinala namin si Tricia sa klinika (para, at, upang) pinatingin namin siya sa doktor.
3. Gusto ko nang umuwi (pero,ngunit, subalit) hindi pa dumaan ang sasakyan papuntang amin.
4. Inihain ng mga doktor at nars ang kanilang buhay (upang, para, nang) ipagtanggol ang mga Pilipinong nahawaan ng sakit.
5. Uminon na ako ng gamot kaninang umaga (ngunit, pero, dahil) masakit pa rin ang ulo ko hanggang ngayon.

**III.** Panuto: Tukuyin ang pang-ukol na ginagamit sa bawat pahayag. Salungguhitan ang pang-ukol na bubuo sa pangungusap. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. (Para kay, Hinggil kay, Ayon kay) pangulo, agad na ipapatupad ang bagong batas.
2. Ang mga tuntunin ng paaralan ay (tungkol sa, para sa, ayon sa) kabutihan ng mga mag-aaral.
3. (Labag sa, Alinsunod sa, Hinggil sa) batas ang paglabas ng mga tao na hindi nakasuot ng *face mask.*
4. Ang programang ito ay bahagi ng kampanya (laban sa, labag sa, para sa) paggamit ng mga bawal na gamot.
5. Ano ang pinakahuling balita (tungkol sa, mula sa, hinggil sa) pagbukas ng klase?

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# PAGYAMANIN

## Sibatin Mo!

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na pahayag. Ikahon ang mga pang-ugnay na ginagamit. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. May balita ka ba tungkol sa karagdagang nagpositibo sa Covid-19 sa ating bansa?
2. Ang paghahanda natin ay alinsunod sa tagubilin ng Departamento ng Kalusugan.
3. Maraming humanga kay Pangulong Duterte dahil sa mga isinagawang paghahanda laban sa *Corona Virus*.
4. Madalas nating nahahawakan ang mga bagay na kontaminado ng *virus* nang hindi natin namamalayan.
5. Kinansila ang kasal nina Gege at Intoy dahil sa Covid-19.
6. Ugaliin ang puspusang paghugas ng mga kamay gamit ang sabon at tubig.
7. Nahuli ng mga pulis si Bogart nang lumabag siya sa *curfew*.
8. Ang DOH ang may alam tungkol sa pinakabagong impormasyon sa Covid-19.
9. Masyadong matas ang lagnat ng mga taong hinawaan ng *virus*.
10. Ang Cebu City ay isa sa mga may pinakamaraming kaso ng Covid-19 sa buong Pilipinas.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

# ISAISIP

## Piliin Natin!

Panuto: Basahing maigi ang bawat pahayag sa ibaba. Pumili ng mga pang-ugnay na angkop gamitin sa bawat pahayag na nasa botelya ng alkohol. Isulat ang angkop na salita sa sagutang papel.




1. Lagi nating isaisip ang lahat ng mga tagubilin ng ating pamahalan_______ hindi mahawaan ng *virus.*
2. Kung ang isang tao ay uubo o babahing, tumatalsik ang maliit na *droplet* mula sa ilong _____ bibig na maaaring may virus.
3. Sa pag-iwas sa mga matataong lugar, nilalayo mo ang iyong sarili (ng hindi bababa sa 1 metro) mula sa mga taong maaaring may COVID-19 ______ sinumang may iba pang may sakit.
4. Maglilinis tayo parati ______ maiwasan natin ang sakit na ito.
5. Magpasuri ______ mayroon kang mga sintomas.
6. Ang mga taong may sintomas sa sakit ay maaaring manatili sa bahay _______ sila ay hindi makahahawa sa iba.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0


Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

7. Panatilihin ang anim na talampakang (2 metro) layo mula sa ibang tao _______ nasa labas ng bahay.
8. Maging maingat sa ibang mga pinagkukunan ng impormasyon, lalo na ang mga _______ gamot para sa COVID-19.
9. Ang COVID-19 virus ay hindi natatagpuan sa mga suplay _____ sa iniinom na tubig.
10. Magsuot ng *surgical mask* ______ ikaw ay nasa paligid ng iba pang mga tao.

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0


Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# ISAGAWA

## Isapuso Mo!

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. Paano natin maihalintulad ang mga pang-ugnay sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao?

   ________________________________________________

2. Gaano ba kahalaga ang mga pang-ugnay sa balarilang Filipino?

   ________________________________________________

3. Ano kaya ang papel na ginagampanan ng mga pag-ugnay sa araw-araw na pakikipagkomunikasyon?

   ________________________________________________

4. Sa kasalukuyang hinaharap na mga problema ng ating bansa, paano kaya makakatulong ang mga pag-ugnay sa paglutas nito?

   ________________________________________________

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0




Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# TAYAHIN

## Gawa Tayo ng Atin!

Panuto: Gumawa ng isang sanaysay gamit ang mga pang-ugnay (maaaring sampung pang-ugnay lang ang gagamitin) tungkol sa "Ano ang maaari mong gawin para maprotektahan ang sarili laban sa Novel Coronavirus". Pagkatapos salungguhitan ang mga pang-ugnay na ginagamt sa pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa loob resita/papel. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.




1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

## Batayan sa Pagmamarka

| Rubriks sa Pagsulat ng Sanaysay | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Kriterya** | **Mahusay** | **Kasiya-siya** | **Nagsisimula** | **Marka ng Guro** |
| Nilalaman | Ang ideya, halimbawa at kuro-kuro ay naaayon at akmang-akma sa paksa (12-15) | Ang mga ideya ay akma sa paksa (8-11) | Kaunti lamang ang mga ideya ang naibigay (1-7) | |
| Organisasyon Maayos at magkakaugnay ang mga talata gamit ang wastong mga pang-ugnay | Napakahusay at maayos ang pagkakaugnay-ugnay ng mga talata (8-10) | Mahusay at maayos ang pagkakaugnay-ugnay ng mga talata (4-7) | May mga talatang hindi magkakaugnay-ugnay at di maintindihan ayon sa daloy ng pagpapahayag (1-3) | |
| Wastong gamit ng mga bantas at baybay | Nagamit ng wasto ang lahat ng bantas at baybay ayon sa pagkakapahayag (4-5 | Nagamit ng wasto ang ilang mga bantas at baybay ayon sa pagkakapahayag (2-3) | May mga salitang di-wasto ang pagkakagamit ng baybay at bantas (1) | |
| **Kabuuan** | | | | |

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*

# KARAGDAGANG GAWAIN

## Palawakin Natin!

Panuto: Sumulat ng isang sanaysay batay sa larawan sa ibaba gamit ang iba't ibang pang-ugnay. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel. (labinlima hanggang dalawampung pangungusap lamang)



1ST GENERATION MODULES VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

## Batayan sa Pagmamarka

| Rubriks sa Pagsulat ng Sanaysay | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Kriterya** | **Mahusay** | **Kasiya-siya** | **Nagsisimula** | **Marka ng Guro** |
| Nilalaman | Ang ideya, halimbawa at kuro-kuro ay naaayon at akmang-akma sa paksa/larawan (12-15) | Ang mga ideya ay akma sa paksa/larawan (8-11) | Kaunti lamang ang mga ideya ang naibigay (1-7) | |
| Organisasyon Maayos at magkakaugnay ang mga talata gamit ang wastong mga pang-ugnay | Napakahusay at maayos ang pagkakaugnay-ugnay ng mga talata (8-10) | Mahusay at maayos ang pagkakaugnay-ugnay ng mga talata (4-7) | May mga talatang hindi magkakaugnay-ugnay at di maintindihan ayon sa daloy ng pagpapahayag (1-3) | |
| Wastong gamit ng mga bantas at baybay | Nagamit ng wasto ang lahat ng bantas at baybay ayon sa pagkakapahayag (4-5 | Nagamit ng wasto ang ilang mga bantas at baybay ayon sa pagkakapahayag (2-3) | May mga salitang di-wasto ang pagkakagamit ng baybay at bantas (1) | |
| **Kabuuan** | | | | |

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# SUSI SA PAGWAWASTO

**SUBUKIN**

1. B
2. C
3. B
4. C
5. A
6. D
7. A
8. C
9. A
10. B

**BALIKAN**

1. B
2. A
3. A
4. B
5. A
6. A
7. C
8. B
9. C
10. D

**TUKLASIN**

ng
at
na
kung
kapag
dahil
para

**SURIIN**

**I**

1. ng
2. na
3. ng
4. ng
5. g

**II**

1. kaya
2. at
3. pero
4. upang
5. ngunit

**III**

1. Ayon kay
2. para sa
3. Labag sa
4. laban sa
5. hinggil sa

**PAGYAMANIN**

1. tungkol sa
2. alinsunod sa
3. dahil
4. nang
5. at, dahil
6. o
7. dalawang
8. tungkol sa
9. masyadong
10. pinakamaraming

**ISAISIP**

1. upang
2. o
3. at
4. para
5. kung
6. habang
7. kapag
8. tungkol sa
9. para
10. kapag

**ISAGAWA**

Maaaring iba iba ang sagot ng mga mag-aaral

**TAYAHIN**

Maaaring iba iba ang sagot ng mga mag-aaral

**KARAGDAGANG GAWAIN**

Maaaring iba iba ang sagot ng mga mag-aaral

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

# SANGGUNIAN


- https://www.youtube.com/watch?v=Xb7YfukbGs0
- https://www.who.int/philippines/news/feature-stories/detail/pitong-simpleng-hakbang-upang-maprotektahan-ang-sarili-at-ang-iba-laban-sa-covid-19
- https://www.slideshare.net/midnight-jassy/mga-pangugnay-pangatnig-pangangkop-at-pangukol
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.homeshop.ph%2Fcasino-70-alcohol-femme-500ml&psig=AOvVaw2RORvBVrWswgalKPeX69aO&ust=1592980861860000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCKjjwLGql-oCFQAAAAAdAAAAABAK
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2F72hours.ca%2Fproducts%2Fface-shield&psig=AOvVaw2Uj8GwdZZrXfUBBJyBZgWc&ust=1592981567459000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCKCRsZatl-oCFQAAAAAdAAAAABAD
- https://www.google.com/url?sa=i&url=https%3A%2F%2Fwww.pharmaceutical-technology.com%2Fnews%2Fcoronavirus-countries-cross-100-covid-19-world-update%2F&psig=AOvVaw2eAVkKpvEmEgHs315MAK_N&ust=1592999319952000&source=images&cd=vfe&ved=0CAIQjRxqFwoTCIDcqoPxl-oCFQAAAAAdAAAAABAD
- Panitikang Asyano (Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9)


1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0



Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV

1ST GENERATION MODULES - VERSION 2.0

**Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag:**

**ANJEL D. TARIAO**

Region VII- Central Visayas

Division of Cebu Province

09279298190

anjel.tariao@deped.gov.ph

*Subject to further validation for IP compliance, this material is for first quarter use only. Circulation shall be limited to public schools within the jurisdiction of the Division of Cebu Province. LR-PIPCV*